

Bigyan ang iyong anak ng kakayahang labanan ang COVID-19.



Kwalipikado na ngayon ang mga batang 5 hanggang 11 taong gulang na matanggap ang bakuna laban sa COVID-19 para sa mga bata.

Pinapahintulutan nang gamitin ngayon ang bakuna laban sa COVID-19 ng Pfizer-BioNTech (edad 5-11) para sa mga batang 5 hanggang 11 taong gulang. Ligtas at mabisa ang bakuna sa pagprotekta sa mga bata laban sa pagkakahawa. Pinag-aralan at sinuri ito sa pamamagitan ng mga klinikal na pagsubok — katulad ng bakuna para sa nasa hustong gulang. Kakailanganin ng iyong anak ng dalawang dosis, na 21 hanggang 42 araw ang pagitan, upang ganap siyang mabakunahan laban sa COVID-19. Kapag ganap silang nabakunahan, mapoprotektahan ang mga bata laban sa malulubhang sakit, at higit pa. Maaari din silang bumalik sa taong pampaaralan na hindi naaantala ng mga quarantine, maglaro ng sports, sumali sa mga extracurricular na aktibidad, makipagkita sa kanilang mga kaibigan, bumiyaha, at higit pa.

T Saan makukuha ng mga bata ang bakuna?

Ibinibigay ng mga sentro ng pagbabakuna ng komunidad, provider ng pampamilyang pangangalagang pangkalusugan, tanggapan ng pediatrician, klinika sa paaralan, at retail na farmasya ang libreng bakuna laban sa COVID-19. Bisitahin ang [vaccinate.virginia.gov](https://www.vaccinate.virginia.gov) o tumawag sa (877) VAX-IN-VA (877-829-4682) upang maghanap ng site na malapit sa iyo. Available ang serbisyo sa customer sa pamamagitan ng telepono nang Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 6 p.m. Eastern time. Maaari ding makipag-ugnayan ang mga magulang, tagapangalaga, at miyembro ng pamilya sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ng kanilang mga anak upang maghanap ng appointment.

T Kailan makukuha ng mga bata ang bakuna laban sa COVID-19?

Simula ngayon! Pinahintulutan ng FDA, at inirekomenda ng CDC na gamitin ang bakuna sa mga batang 5 hanggang 11 taong gulang. Gayunpaman, maaaring mag-iba-iba ang availability ng bakuna depende sa site, na maaaring makaapekto sa kung gaano kabilis makukuha ng mga bata ang kanilang unang shot. Hinihikayat ang mga magulang, tagapangalaga, at miyembro ng pamilya ng mga batang 5 hanggang 11 taong gulang na magpaikedyul ng mga appointment sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ng kanilang mga anak o sa anumang farmasya o klinika sa pagbabakuna na nagbibigay ng bakuna ng Pfizer-BioNTech (edad 5–11) upang matiyak na available ang bakuna.

T Naiiba ba ang bakuna para sa mga bata sa bakuna para sa mga edad 12 at pataas?

Partikular na ginawa ang bakunang ito para sa mga bata, at ibinibigay ang mga ito sa mas mababang dosis kaysa sa bakunang inilaan para sa mga batang mahigit 12 taong gulang. Ang dosis para sa mga batang 5 hanggang 11 taong gulang ay sangkatlo lang ng dosis para sa nasa hustong gulang. Mahalagang matanggap ng mga batang 5 hanggang 11 taong gulang ang produktong bakuna laban sa COVID-19 na inirerekomenda para sa grupo ng kanilang edad.

T Dahil maliit ang posibilidad na manganib ang mga bata dulot ng COVID-19, bakit hindi ako dapat mag-atubiling pabakunahan ang aking anak?

Mas maliit ang posibilidad na magkasakit nang malubha ang mga bata dahil sa COVID-19 kumpara sa mga nasa hustong gulang, ngunit hindi ito zero.

Ayon sa American Academy of Pediatrics, ang mga bata na ang bumubuo sa halos 1 sa 4 na nahahawahan ng COVID-19. Ang mga batang may COVID-19 ay nanganganib na magkasakit, maospital, o sa ilang sitwasyon, mamatay. Maaari ding magkaroon ang mga bata ng pangmatagalang sakit gaya ng multisystem inflammatory syndrome in children (MIS-C) o “pangmatagalang COVID.”

Kapag ganap na nabakunahan ang mga bata, makakatulong itong protektahan sila laban sa pagkakaroon ng malubhang sakit o pangmatagalang komplikasyon. Nakakatulong din ang pagbabakuna na mabawasan ang hawahan sa mga pamilya, paaralan, at sa ating mga komunidad.

T Kung nahawahan na ng COVID-19 ang anak ko, kailangan pa rin ba niyang mabakunahan?

Oo. Kahit na nahawahan na ang anak mo, makikinabang siya sa pagbabakuna. Kung ihahambing sa natural na immunity na nagreresulta mula sa nakaraang pagkakahawa, nagbibigay ang pagbabakuna ng mas malakas at malawak na proteksyon laban sa virus at sa mga potensyal na pangmatagalang epekto nito.

T Anong mga side effect ang karaniwan sa mga bata pagkatapos ng pagbabakuna?

Ang mga karaniwang side effect sa mga batang 5 hanggang 11 taong gulang pagkatapos magpabakuna ay katulad ng mga side effect na napansin sa mga kabataan at nakababatang nasa hustong gulang.

Sa kanilang braso kung saan sila magpapabakuna, maaaring makaranas ang mga bata ng:

- Pananakit o pangingirot
- Pamumula
- Pamamaga

Maaari din silang makaranas ng:

- Pagkapagod
- Pananakit ng ulo
- Pananakit ng katawan o kalamnan
- Panlalamig
- Lagnat
- Pagduruwal o pagtatae
- Mga namamagang lymph node

Ang mga side effect ay nangangahulugang mabisa ang shot. Sinasabihan nito ang immune system ng katawan na gumawa ng mga antibody upang labanan ang virus kung magkakaroon ng pagkakalantad sa hinaharap. Ang mga side effect ay karaniwang hindi malubha at nawawala sa loob ng ilang araw.

T Maaari bang maapektuhan ng bakuna laban sa COVID-19 ang paglaki o pag-develop ng anak ko?

Hindi. Walang dahilan upang maniwala na ang bakuna na makukuha sa United States ay makakaapekto sa paglaki o pag-develop ng iyong anak, kabilang ang pagdadalaga o pagbibinata, pag-develop ng utak, o fertility.

T Ano ang dapat kong gawin kung magkakaroon ang anak ko ng alinman sa mga karaniwang reaksiyon sa bakuna laban sa COVID-19?

Makakatulong ang mga over-the-counter na pang-ibsan ng pananakit na hindi aspirin, tulad ng acetaminophen o ibuprofen, na mabawasan ang karamihan sa mga side effect. Dapat lang gamitin ang mga gamot na ito pagkatapos — hindi bago — mabakunahan ang iyong anak. Kumonsulta sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak bago ibigay ang mga gamot na ito.

Makipag-ugnayan sa provider ng pangangalagang pangkalusugan kung:

- **Dadami ang pamumula o pangingirot kung saan binakunahan ang iyong anak pagkalipas ng 24 na oras.**
- **Malubha o mananatili ang mga side effect nang higit sa ilang araw.**

Tandaang i-enroll ang iyong anak sa v-safe, ang tagasuri sa kalusugan pagkatapos ng pagbabakuna ng Centers for Disease Control and Prevention, sa [vsafe.cdc.gov](https://www.vsafe.cdc.gov). Maaari kang mag-ulat ng mga side effect ng pagbabakuna sa CDC at makatanggap ng mga paalala kapag panahon nang kunin ang ikalawang dosis.

Bisitahin ang [vaccinate.virginia.gov](https://www.vaccinate.virginia.gov) upang makahanap ng lokasyon sa pagbabakuna para sa mga bata na malapit sa iyo o tumawag sa **877-829-4682** para sa higit pang impormasyon. Para sa mga pinakabagong alituntunin ng CDC tungkol sa mga bakuna para sa mga batang 5 hanggang 11 taong gulang, bisitahin ang [CDC.gov](https://www.cdc.gov).